Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Si Jacobo na Mandaraya

Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: M. Maillot at Lazarus

Ibinagay ni: M. Kerr at Sarah S.

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento, kung hindi ninyo ipagbibili.

May pinadala ba ng isang sanggol ang Diyos sa iyong familya? Nakaka galak! Sina Isaak at Rebeka ay nagagalak at masaya. Magkaroon sila ng kambal.

Ang mga sanggol ay nag sipag galaw sa sinapupunan ni Rebeka. Nang siya'y nalangin, sinagut siya ng Diyos at sinabi na may dalawang sanggol na lalaki sa kanyang bahay bata na mangunguna ng dalawang bansa - at ang bunso ay mas mada- kila.

Pangkariniwan ang panganay at mas dakila. Ngayon isinilang na ang mga sanggol.

Ang kambal ay hindi pariho. Si Esu, ang mas matanda, ay mabuhok and nang siya'y lumaki ay naging magaling na mamamaril. Si Jakobo ay malambot at malinis ang balat at gustong tumulong sa kanyang ina sa kusina o sa bahay. Mas gusto ni Isaak si Esu. Paborito ni Rebeka si
Jakobo.

Isang araw, si Esu ay naggutom. "Bigyan mo ako ng pagkain," sinabi niya kay Jakobo. "Ipagbili mo ang iyong karapatang mantanda." ang mando ni Jakobo.

Hindi iningatan ni Esu ang pangako ng Diyos sa mas matanda. Nakipag sunduan si Esu kay Jakobo. Ngayon si Jakobo ang ulo ng kanilang pamilya.

Kinausap si Isaak ng Diyos isang gabi. "Ako ang Diyos ng iyong ama, si Abra-ham. Ako ay kasama mo.

Pagpalain ko ang iyong kamaganakan," Kahit si Isaak ay sumasamba sa Diyos, ang kanyang anak na si Esu at nagasawa ng dalawang asawa na galing sa mga taga Hitites, mga taohan na hindi sumasamba sa Diyos.




Tumanda na si Isaak. "Pakiusap dalhan mo ako ng sariwa na karni," sinabi niya kay Esu. "Ngayon handa akong magpapala sa iyo." Itong pagpapala na ito ay galing sa ama para sa kanyang panganay. Dalingdaling namaril si Esu. Ngunit ito ay narinig ni Rebeka. Ibig niyang si Jakobo ay mapanalanginan at hindi si Esu.

Si Rebeka ay mayiniisip. Nang linuto niya ng daling dali ang pagkaing na gustong gusto ni Isaak, isinuot ni Jakobo ang damit ni Esu, at linagyan niya ng mga balahibu ng hayop ang kanyang mga bukton at dibdib at liig. Si Isaak ay hindi na makakita ng mabuti. Marahil maari nilang lukuhin.

Dinala ni Jakobo ang pagkain na luto ni Sara sa harap ni Isaak na kanyang ama. "Sa dinig ko ikaw si Jakobo," sinabi ni Isaak, "ngunit ang iyong mga kamay ay kay Esu." Nang natapos siyang kumain, si Isaak ay bumasbas sa kanyang anak na lalaki na naka luhod sa harap niya.


Bago lamang nakaalis si Jakobo sa silid, dumating si Esu at pumunta sa kanyang ama. "Ito na ang iyong hinahanap na pagkain," sinabi niya. Ngayon alam ni Isaak na siya ay lininlang. "Hindi ko na mababago o palitan ang biyaya,"Siya ay umiyak. Ang puso ni Esu ay puno ng galit. Nagbalak siya na patayin si Jakobo.


Narinig ni Rebeka ang sinabi ni Esu. "Umalis ka kaagad at pumunta ka sa iyong tiyo " sinabi ni Rebeka kay Jakob, "hanggan makalimutan nang iyong kapa-tid ang nangyari."
Umayon din si Isaak na si Jakobo ay hahanap ng asawa sa pamilya ng kanyang ina. Sa ganon si Jakob ay umalis ng kanyang tahanan.

Sa gabing iyon,
huminto si Jakob upang
matulog at ginamit ang bato
bilang kanyang unan. Marahil siya
nalungkot, o natatakut.
Ngunit hindi siya nagisa.
Nagsalita ang Diyos
sa kanya sa
kanyang
panaginip.


"AKO ANG PANGINOON NG IYONG KANONOHAN, SI ABRAHAM AT ISAAK. AKO AY KASAMA MO. Ibibigay ko sa iyo ang lupaing ito. Sa iyong pamilya ang lahat ng mga pamil-ya sa sang libutan ay mababasan." Nang natapos na magsalita ang Diyos, nagising si Jakobo. Siya'y natakot.

Ang tiyo ni Jakobo na si Laban ay handang pinatuloy siya. Mahal ni Jakobo ang kanyang pinsan na si Rachel at naglingkod ng pitong taon kay Laban upang mapangasawa niya si Rachel.
Ngunit, sa gabi ng kasalan, dinaya ni Laban si Jakobo.

"Ito ay si Leah, hindi si Rachel," Nagreklamo si Jakobo. "Dinaya mo ako." "Ang matanda sa kanila ay kailangang magasawang una," ang sago ni Laban. "Ngayon pakasalaan mo rin si Rachel at maglingkod o gumawa kayo sa akin ng pitong taon muli para kay Rachel."

Pumayag si Jakobo.

Marahil naalaala niya ang ginawang pang daraya ng kanyang ama na si Isaak at Esu na kanyang kapatid.

Si Jakobo ay may labing isa mga anak na lalaki. Nang dumaan ang panahon, siya ay nalungkot at gusto niyang uuwi sa Kanaan na kasama ang kanyang pamilya. Ang kanyang mga magulang ay naroroon.


Ngunit si Esu ay nandoon din, na nagsumpa na patayin niya si Jakobo. Mapanganib ba kaya? Isang araw sinabi ng Diyos na siya ay dapat bumalik sa Kanaan. Tinipon ni Jakobo ang kanyang mga anak at mga asawa at ibang ari-arian at hayopan upang sila ay bumalik sa Kanaan.

Ano uring biyahi iyon! Dumating si Esu upang makipagtagpo kay Jakobo na may kasamang apat na daang lalaki! Ngunit hindi niya sinaktan si Jakobo.

Si Esu ay tumakbo na patungo kay Jakobo at biniyan ng malaking akap. Si Jakobo at si Esu ay kaibigan muli, at si Jakobo ay patuloy na sa Kanaan na walang natata-kutan.

Si Jakobo na Mandaraya

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Genesis 25-33

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16